# EDSA Busway Kamuning Concourse Upgrade On the Way

By MEDELIZA DANAO

The Department of Transportation (DOTr) has announced the start of construction for the new and modern EDSA Busway Kamuning Concourse, a P89.12-million project designed to enhance commuter safety and convenience.



This state-of-the-art facility will feature a well-maintained, pedestrian-friendly walkway and will be equipped with wheelchair lifts to assist commuters, senior citizens, and persons with disabilities.

The initiative comes after President Ferdinand Marcos Jr. ordered in June the removal of the steep Mt. Kamuning footbridge, which had long been a challenge for pedestrians and passengers to climb.

The old structure's incline made crossing especially difficult for the elderly, PWDs, and those carrying heavy loads, prompting the call for a more accessible replacement.

Transportation Secretary Vince Dizon said the new footbridge will be connected directly to the EDSA Busway Kamuning Station and will be modeled after the SM North Concourse for improved accessibility and design.

President Marcos expressed disappointment upon seeing the old bridge, stressing that pedestrians and commuters should not be made to suffer because of poorly designed public infrastructure.

The President emphasized the urgency of the project, instructing that construction be fast-tracked as commuters have been enduring difficulties for far too long.

Secretary Dizon assured the public that the building process will not disrupt motorists or commuters since the footbridge will use pre-fabricated materials for faster and less intrusive assembly.

According to the DOTr, the design aims to provide a seamless and comfortable commuting experience while aligning with the government's push for inclusive transportation infrastructure.

The project is scheduled for completion by December 2025, bringing much-needed relief and convenience to thousands of daily EDSA commuters.


PAHAYAGAN NG Kabitenyo

In God We Trust

ISSN-1656-0558

VOL. 24 NO. 26 AUGUST 18 - 24, 2025 P15.00


# Cultural Beacon, Museo De Bacoor Nears Completion

By AMELEN VIDANES

A new era of heritage preservation and cultural pride is dawning in Bacoor, Cavite as the much-anticipated Museo De Bacoor and Cultural Complex nears its completion. This ambitious project, spearheaded by the City Government of Bacoor. It is set to become a landmark not only for Bacoor but for the entire province of Cavite, serving as a central hub for history, arts, education, and tourism.




The City of Bacoor Cultural Center, Archive, and Museum is designed to celebrate the city's rich historical narrative while inspiring civic pride among its residents. The cultural complex will house the Museo De Bacoor, Juan Balmaceda Library, K–12 arts track classrooms, a mini theater, and a souvenir center, making it a vibrant, all-in-one destination for culture and learning.

By integrating cultural learning with formal education, the city envisions the cultural complex as a powerful educational tool, particularly for the youth—instilling a deeper appreciation for Bacoor's heritage and encouraging young people to take pride in their roots.

Like a hidden gem, the Museo De Bacoor is expected to attract not only its residents but also tourists seeking to explore the city's unique history. Upon its completion, Museo De Bacoor will serve as a modern cultural landmark that highlights Bacoor's rich heritage and positions the city on the cultural map of the Philippines—bringing together its past, present, and future in one space.

# Digital Marketing Seminar Workshop, Hatid sa mga Negosyanteng Treceño

By ANDREA BITANGCOR




Matagumpay na isinagawa ng Office of the Provincial Cooperatives Development Officer (OPCDO) ang isang araw na Seminar-Workshop nitong Agosto 14, sa Function Hall ng Cavite Provincial Government Center, Trece Martires City.

Nakatuon ang Digital Marketing seminar sa mga epektibo at matitipid na estratehiya upang mabigyan ng sapat na kaalaman at kasangkapan ang mga lokal na negosyante at miyembro ng kooperatiba, at para makasabay sa kasalukuyang estado ng digital market.

Pinangunahan ni Jeremiah Balan, Digital Marketing Specialist mula sa Rippletrend Digital Marketing Firm, ang workshop na tumalakay sa iba't ibang praktikal na paksa para sa small and medium enterprises (SMEs).

Dumalo rin dito sina Liza C. Gabatan, Head ng Entrepreneurial Division, Annalyn S. Hernandez, CPA at Development Management Officer II.

Ilan sa mga paksang tinalay ay ang Digital Marketing on a Budget, Identifying Your Target Audience, Building an Effective Online Presence, Social Media Marketing Techniques, Maximizing Paid Ads with Limited Resources, Email and Messenger Marketing Strategies, at Content Creation Workshop.

Nagkaroon din ng Q&A segment at action planning sa huling bahagi ng seminar, kung saan naglatag ng konkretong plano ang mga kalahok upang maibahagi at maisagawa ang kanilang mga natutunan sa seminar-workshop.






# Sisterhood Agreement, Pinirmahan na ng Baguio at Bacoor


Page 3



PAHAYAGAN NG Kabitenyo

In God We Trust

ISSN-1656-0558

VOL. 24 NO. 26 AUGUST 18 - 24, 2025 P15.00


# Libreng Sakay sa LRT-2 Hatid sa mga National ID Holders



By AMELEN VIDANES

Ngayong buwan ng Agosto, tuwing araw ng Miyerkules, libre na ang sakay sa Light Rail Transit Line 2 (LRT-2) ng mga pasaherong may National ID.

Maaaring makuha ang libreng sakay sa mga araw ng Agosto 13, 20, at 27; mula alas-nuwebe ng umaga hanggang alas onse ng umaga at alas sais ng gabi hanggang alas-otso ng gabi.


Kailangan lamang ipakita sa mga security personnel ng istasyon ang pisikal na ID card, nakaprint na kopya, o digital na bersyon ng kanilang National ID upang makakuha ng libreng sakay.

Ayon sa Light Rail Transit Authority, ang programang ito ay bahagi ng pagsuporta sa layunin ni Pangulong Ferdinand Marcos Jr. na palawakin ang paggamit ng National ID bilang pangunahing pagkakakilanlan upang mas mapadali at mapalawak ang access ng mga mamamayan sa mga serbisyong pampubliko.

# RHU Silang: Pabakunahan ang Grade School sa Bakuna Eskwela

By ANDREA BITANGCOR

Inaanyayahan ng Rural Health Unit (RHU) Silang ang mga magulang at mag-aaral ng mga pampublikong paaralan Na makiisa sa Bakuna Eskwela.




Layunin ng inisyatiba ng Department ng Health (DOH) at Department of Education (DepEd) na protektahan ang mga mag-aaral laban sa mga sakit gaya ng tigdas, rubella, tetanus, diphtheria, at human papillomavirus (HPV).

Ayon kay Immunization Program Coordinator Razelle Bendo, isa ang pagbabakuna sa pinakamabisang paraan upang matiyak ang kaligtasan ng mga mag-aaral mula sa mga sakit na maaaring magdulot ng seryosong komplikasyon kung hindi maagapan.

Humihingi rin ang RHU ng pahintulot mula sa mga magulang upang ganap na mapabakunahan ang mga mag-aaral mula sa Setyembre hanggang Oktubre, na isasagawa sa mga pampublikong paaralan.

# Online Gambling Undermines Filipino Youth – Cayetano



Senator Alan Peter Cayetano on Thursday appealed to the Senate to carefully consider its stance on online gambling, emphasizing the government's trillion-peso investment in education and warning that normalization of gambling and addiction undermines Filipino youth.

"I don't take it against the Phil-


*see page 6...*


# Nat'l Government Keeps Lower Rice TariffsDespite Import Suspension

By MEDELIZA DANAO

President Ferdinand Marcos Jr. recently ordered a 60-day suspension of all rice importation starting September 1, 2025, to protect local farmers from low palay prices during the harvest season.




Finance Secretary Ralph Recto confirmed that the government will not raise tariffs on imported rice, which Executive Order No. 62 lowered from 35 percent to 15 percent to keep retail prices affordable and control inflation.

Officials review the tariff cut every four months to assess its impact on prices and supply, and it will remain in effect until 2028.

Recto clarified the import suspension is temporary and will likely end after the harvest period.

# Linggo ng Kabataan 2025, Idinaos na sa Carmona




By AMELEN VIDANES

Sa tulong ng Community Affairs and Youth Development Office (CAYDO) at ng Sangguniang Kabataan (SK) Federation of Carmona, ginanap ang 2025 Kick-Off ng Linggo ng Kabataan sa Carmona, Cavite na may temang "Local Youth Actions for the Sustainable Development Goals and Beyond".

Para sa pagdiriwang ngayong taon, handog ng CAYDO at SK ang mga programang mag-aangat sa mga kabataan; tulad ng Youth Organization Registration Program (YORP) Caravan at Kabahagi Ka Youth Profiling, Junior and Little Rescuer, 1st Carmona Advocary Run, Carmona Inter-School Quiz Bee, New E-Sports Tournament, City of Carmona Youth Camp, at Project H.A.N.D.A.

Ipinamalas din nina City Mayor Dahlia A. Loyola, City Vice Mayor Cesar L. Ines, Jr., Sangguniang Panlungsod Members, at ng Sangguniang Kabataan Chairpersons ang kanilang suporta sa makabuluhang selebrasyon para sa mga kabataang Carmona.

Muli, pinatunayan ng Carmona na ang Linggo ng Kabataan ay hindi lamang isang selebrasyon, bagkus ito ay naglalayong bigyang-pugay at palakasin ang papel ng kabataan bilang mga aktibong kasapi ng lipunan na may kakayahang makapag-ambag sa makabuluhang pagbabago.


ACCEPTING ADS - 09975232302/0922-3648349 * E-mail add: pahayaganngkabitenyo@Yahoo.com / pahayagancavite@gmail.com

## Mga pagkain na may benepisyo sa katawan

- Saging – May tryptophan at carbohydrates na makatutulong sa paggawa ng serotonin. Ang serotonin ay nagpaparelaks sa atin. Nababawasan din ang stress.
- Kamote – May masustansiyang “complex carbohydrates”. Hindi ito gaanong nagpapataas ng asukal sa dugo. Mayaman din ang kamote sa fiber, vitamins B6, C and E, folate at potassium.
- Oatmeal at cereals – Subukan ang 1 bowl ng oatmeal o cereals sa hapunan. Ang oatmeal ay may vitamin B6 at melatonin na makatutulong sa pagtulog. Puwedeng lagyan ng saging at gatas na masustansya rin.
- Gatas – May tryptophan na nagpapabilis para antukin. Ang tryptophan ay nagiging serotonin sa katawan at ito ang nagpapasaya at nagpapa-relaks.
- Chamomile tea – Pinapa-relaks ang stomach muscles, at may amoy na nagpapakalma rin.
- Gulay – Mabuting kainin bago matulog dahil madaling matunaw ang mga ito. Mababawasan din ang sintomas ng hyperacidity at Gastro-esophageal Reflux Disease.
- Isda – May taglay na omega-3 fatty acids ang isda na makatutulong sa puso at utak. Ang mga taong umaabot sa edad 100 ay mahilig kumain ng isda, mani, beans at gulay. Mas masustansiya ang protina ng isda kumpara sa baboy at baka.
- Gulay at prutas – Masustansiya ang lahat ng gulay tulad ng pechay, kangkong, ampalaya, malunggay at marami pang iba. Mabuti ito sa tiyan, bituka at sa buong katawan. May taglay itong fiber, bitamina at minerals. Masustansiya rin ang mga prutas tulad ng saging, mansanas, pakwan at iba pa. Huwag lang dadamihan ang pagkain ng prutas dahil may asukal din ito na puwedeng makataba kung sosobra ang kakainin.
- Mani, beans at tokwa – May taglay na protina ang mani at beans. Napakaganda nito sa katawan. Ang protina mula sa mani at beans ay mas masustansya kumpara sa protina mula sa baboy at baka. Kung hindi naman napatunayan na mataas ang uric acid ninyo sa dugo ay puwede kayong kumain ng mani at beans.
- Kanin, tinapay, pansit at spaghetti – Puwedeng kumain nito pero huwag dadamihan.
- Manok – Mas masustansya ang nilagang manok kumpara sa nilagang baboy o baka. May benepisyo sa may sakit ng trangkaso, sipon at lagnat.




## Smile Through the Pain

By AMELEN VIDANES

Filipinos are known for their sense of humor—especially in times of hardship. It’s often said that we laugh our way through pain, that we joke even in the darkest of times. “Dinadaan na lang sa tawa.” It may sound cliché or even superficial, but it’s deeply embedded in our culture. Humor is not just a coping mechanism; it’s a way of life for Filipinos.

The phrase “Smile through the pain” might sound cheesy, even shallow, but it captures a reality that many Filipinos have to live through every day. Whether it’s financial struggles, personal tragedies, or national crises, we often get by with a smile on our faces. It’s that enduring spirit that makes life here feel a bit more bearable, despite the difficulties.

Like the most well-known Philippine tourism slogan, “It’s More Fun in the Philippines!” It’s not just about the splendid beaches or the beautiful landscapes—although we do have plenty of those. What truly makes the Philippines “fun” is its people—the Filipinos. Finding joy in the littlest things. We laugh, we dance, we sing, we smile even when we’re truly hurting.

This resilience, though admirable, is often romanticized. Filipinos are praised for being tough, adaptable, and cheerful in the face of adversity—but at what cost? Why does it feel like we’re expected to just endure everything with a smile plastered on our faces? This constant expectation to “be okay,” to stay positive no matter what, makes it easier for others, and even our own leaders to overlook the need for real solutions. Why fix the system when the people seem to be getting by just fine?

It raises a tough question: Is our humor and resilience a strength, or is it something that’s being taken for granted? Because more often than not, it feels like a catch. And while it’s true that beyond every crisis, a smile often waits to be spread—maybe it’s time we also spread awareness, urgency, and accountability.

It’s okay to laugh. It’s okay to smile. But let’s make sure we’re also building a future where we don’t have to laugh or smile through the pain—where there will come a time we just get to laugh without having to hide any pain.

PhilHealth
Your Partner in Health

DUGONG ALAY, DUGTONG BUHAY

**EDITOR’S NOTE:**
All comments and opinions submitted by our contributing writers and herein published shall remain as personal opinion of our column writers. Viewliner shall not be held liable to any legal issues related to any commentaries that may appear herein.

PAHAYAGAN NG Kabitenyo
ISSN-1656-0558

An English-Filipino newsweekly published every Monday by Pahayagan ng Kabitenyo with Editorial and Business Office at Unit-D 147 Panapaan IV, P.F. Espiritu IV, Bacoor, Cavite 4102.
Email: pahayaganngkabitenyo@Yahoo.com
Email: pahayagancavite@gmail.com
Entered as Second Class Mail at Postal Manila under Permit N0 200305 on May 27, 2003

PAPER.Ph MEMBER

ERNA BALAGTAS ANCHETA
Publisher

DIOSDADO ARIEL F. ALTO, JR.
Editor-In-Chief

DIOSAN MARUAL
KCEE NACION
Marketing & Circulation Manager

ATTY. EVELYN R. DOMINGUEZ
Legal Counsel

SUBSCRIPTION RATE : P1,000.00/year
Advertising Rate : P200.00/col. cm.
Legal Rate : P160.00/col. cm.



## LRT-1 Cavite Extension to Transform Daily Commute

By AMELEN VIDANES




The LRT-1 Cavite Extension is set to become a game-changer for the province of Cavite, as one of the most ambitious infrastructure projects in the region, the extension aims to connect Cavite more directly and efficiently to Metro Manila, bringing a host of social, economic, and developmental benefits to the province.

Once completed, the LRT-1 will extend from its current southern endpoint in Pasay City all the way to Bacoor, Cavite—the first time that a railway system will reach into the province of Cavite. The extension adds 11 kilometers and 8 new stations, expanding the line from 20 to 28 stations and finally linking Cavite to major cities such as Manila, Parañaque, and Quezon City via rail.

Perhaps the most immediate benefit to Caviteños is reduced travel time. The long, traffic-heavy commute from Bacoor to Pasay City, which often takes 90 minutes or more by car or bus, will be cut down to just 25 to 30 minutes via the LRT-1. This gives thousands of daily commuters more rest time and productivity.

By offering a safe, efficient, and comfortable alternative to road-based transportation, the extension is expected to help ease congestion on major routes like Aguinaldo Highway and Coastal Road, which have long been bottlenecks for travelers entering and exiting Cavite.

Led by Light Rail Manila Corporation (LRMC) in partnership with Bouygues Travaux Publics, the Cavite Extension is being built with modern construction techniques to ensure quality and safety. LRMC is working with global construction firm Bouygues Travaux Publics, an expert in large-scale infrastructure projects as the Engineering, Procurement, and Construction (EPC) contractor for the highly anticipated LRT-1 extension.

For Phase 1 (ROW Package 1), 203 pi-girders will be installed using a combination of above-ground launchers and on-ground equipment like straddle carriers and cranes. Notably, the use of above-ground launching technology to install 203 pi-girders is a first in the Philippines, allowing for quicker progress with minimal disruption to daily road traffic.

As the project nears completion, it symbolizes a new era of mobility for Cavite. The LRT-1 Cavite Extension is not only reshaping daily commutes—it’s redefining Cavite’s future, making it more connected, competitive, and ready for sustainable urban growth. Caviteños can look forward to world-class rail service, more job and business opportunities, stronger ties to Metro Manila’s economic centers, and improved overall quality of life.

## CPG to Expand Premium Residential Developments in Cavite

By ANDREA BITANGCOR

Century Properties Group Inc. (CPG) of the Antonio family is set to launch two new horizontal projects next year as part of its efforts to expand its premium residential developments portfolio.

In a statement, CPG said the two premium residential developments will be built in Pampanga and Cavite as part of its strategic diversification efforts.

The company has also successfully rolled out its target of six to eight new projects under its First-Home Residential Developments (PHirst), including its first development in Mindanao, which is scheduled for launch in the third quarter.

PHirst aims to make homeownership more accessible for Filipinos, particularly in emerging provinces and regional hubs that benefit from improved infrastructure.

On the other hand, the Century Properties brand caters to a different market segment by offering higher-end, aspirational homes for discerning buyers.

“As we move forward, CPG remains focused on diversifying its revenue streams within the affordable and premium residential segments supported by commercial leasing and property management, while strategically expanding its market presence across key growth corridors nationwide,” CPG President and CEO Marco Antonio said.


Antonio added that these initiatives are aligned with their long-term vision of delivering enduring value to their stakeholders and addressing the evolving needs of Filipino families across the country.

CPG has also allocated ₱12 billion for capital expenditures in 2025, with up to ₱10 billion earmarked for PHirst and up to ₱2 billion for Century’s premium line.

The company also sustained its strong performance in the first half of the year, posting a net income after tax of ₱1.22 billion, up 14 percent from the previous year.

Meanwhile, consolidated revenues rose by 7 percent to ₱7.64 billion, with the PHirst segment remaining the primary revenue growth driver, contributing ₱5.23 billion.




## GUHIT NG KAPALARAN

**LEO (Hul.23 - Ago.22) –** Maisasakatuparan kung ano ang gustong mangyari sa buhay. Maging mapanuri lang sa mga tao sa iyong paligid, dahil hindi lahat ay tunay ang pagmamalasakit. Lucky numbers at color for the day ang 3, 12, 28, 35 at sky blue.

**VIRGO (Ago.23 - Set.23) –** Magiging maganda ang aspetong pinansyal. Kikita ka ng extra. Malilito sa schedules sa trabaho. Lucky numbers at color for the day ang 6, 10, 21, 25 at bright yellow.

**LIBRA (Set.24 - Okt.23) –** Aanihin ang itinanim. Kung ano ang ginawa, babalik sa iyo. Supilin ang sobrang mapaghinala sa kapwa.Lucky numbers at color for the day ang 8, 14, 15, 37 at orchid violet.

**SCORPIO (Okt.24 - Nob.22) –** Positibo ang magiging pananaw at magsisimula ng maayos ang araw. Maisasakatuparan ang pangako. Lucky numbers at color for the day ang 7, 13, 27, 36 at red rose.

**SAGITTARIUS (Nob.23 - Dis.21) –** May mahalagang pag-uusapan tungkol sa lumalabong relasyon, pagsasama o negosyo. Hinahon ang kaila-ngan. Lucky numbers at color for the day ang 3, 9, 12, 31 at indigo.

**CAPRICORN (Dis.22 - Ene.19) –** Mauunawaan na hindi lahat ng ugali ay kagaya sa iyo. Mapapatunayan na ang pangako ay hindi matutupad. Lucky numbers at color for the day ang 5, 12, 28, 39 at pale yellow.

**AQUARIUS (Ene.20 - Peb.18) –** Ang maririnig na ka-pintasan ng minamahal ay tsismis lang. Huwag magpaapekto. Lucky numbers at color for the day ang 2, 6, 25, 36 at strawberry red.

**PISCES (Peb.19 - Mar.20) –** Iwasan ang pumasok sa aktibidad na magastos. Makakabuting suriin muna ang budget. Lucky numbers at color for the day ang 21, 24, 30, 39 at yellow.

**ARIES (Mar.21 - Abr.19) –** Perpekto ang araw para pagtuunan ng pansin ang kalusugan at tahanan. Maisasaayos ang gawin. Lucky numbers at color for the day ang 4, 6, 31, 39 at antique gold.

**TAURUS (Abr.20 - May.20) –** Huwag iisantabi ang isang himala kung patuloy na magiging masipag, disiplinado at loyal. Lucky numbers at color for the day ang 9, 17, 21, 23 at scarlet.

**GEMINI (May. 21 - Hun.21) –** Magbibigay ng magandang kontribusyon ang isang Aries o Taurus. Ingatan ang iyong health. Lucky numbers at color for the day ang 9, 18, 21, 36 at pink.

**CANCER (Hun.22 - Hul.22) –** May pagbabago sa love life dahil hindi pa tiyak ang damdamin. Mabubulgar ang sikreto. Lucky num-bers at color for the day ang 3, 6, 14, 18 at jade green.

# Online Gambling...

*from page 1...*



ippine Amusement and Gaming Corporation (PAGCOR) to raise funds, regulate gambling operators, and look into all kinds of gambling and gaming kasi iyan ang trabaho nila. But to regulate the illegal side, this is where the balance of government comes in," the senator said in his opening statement during an August 14, 2025 joint public hearing on online gambling.

"If PAGCOR and the Department of Finance are mostly looking at the revenue side, where is the rest of the government?" he added.

Cayetano, chair of the Senate Banks, Financial Institutions, and Currencies Committee, highlighted the City of Taguig's strict anti-gambling ordinance as a model.

"Taguig is blessed in the late 1990s because we passed an ordinance na bawal ang lahat ng klase ng sugal. When Mayor Lani (Cayetano) became Taguig mayor in 2010, wala po kaming casino. Nilabanan po namin iyan. Personally, I was one who put into law na sa local government, kailangan silang pumayag (sa sugalan). Pati po sabungan at bingo, hindi na namin binigyan ng lisensya," he explained.

The senator said the city's ban aims to instill the values of hard work and financial stewardship in Taguigeño youth.

"This is part of teaching our young people to work hard and have the right values, and that every single peso that God gives them needs to be managed well," he said.

Cayetano pointed out the irony that while traditional modes of gambling — even small-scale games organized during wakes to raise funds for the bereaved — are regulated, online gambling operates with little oversight.

"Nakumbinse na namin na kapag may patay, huwag nang magsugal tulad ng sakla, terembe, monte o anuman ang hilig na sugal before. Andiyan na kasi ang Department of Social Welfare and Development at local government na tumutulong sa panglibing," he said.

He noted that even minor gambling activities like cara y cruz are raided by Taguig police, yet illegal online gambling remains rampant.

"The irony is makikita ng bata na y'ung cara y cruz hinuhuli, pero y'ung iligal na e-sabong at kahit anong gaming ay pwede," he said.

"The other irony is that casinos, sabungan, even the lotto outlets have regulations on how far they should be from churches and schools. But actually, mag-CR lang ang estudyante, pwede na siya gumamit ng cellphone sa online gambling," he added.

A longstanding anti-gambling advocate Cayetano has a 25-year track record of standing against gambling.

Decades back, he filed the Anti-Gambling Act of 2000 (House Bill No. 12601 – An Act Prohibiting All Forms of Gambling thereby repealing the laws that created the Philippine Charity Sweepstakes Office (PCSO) and the PAGCOR and revoking their respective Congressional franchises.)

His campaign intensified after the disappearance of 34 cockfighters in 2021 which highlighted the dangers of e-sabong.

Cayetano was also the only senatorial candidate in the 2022 elections who ran with an anti-gambling platform when nobody dared to speak against gambling.

In 2022, the senator filed the Anti-Online Gambling Act and continues to push for stricter regulations.

Just weeks before the 20th Congress convened this month, he called for continued scrutiny of the industry, noting that domestic online gambling continues to thrive despite the ban on Philippine Offshore Gaming Operators (POGOs).

Now in the 20th Congress, he is simultaneously pushing for a total ban on online gambling through the Ban on Online Gambling Act (Senate Bill No. 30) a priority measure he filed with Senator Pia Cayetano, and the Anti-Online Gambling Advertisement Act of 2025 (Senate Bill No.109) which seeks to ban gambling promotions across all media platforms.






# Personalized Beep Cards, Ilulunsad sa Setyembre para sa mga Estudyante, Senior Citizen at PWD

By MEDELIZA DANAO




Simula sa darating na buwan ng Setyembre, ipatutupad na ng Department of Transportation (DOTr) ang bagong sistema ng personalized beep cards na nakaprogram upang magbigay ng automatic na 50% discount para sa lahat ng mga estudyante na regular na bumibiyahe at gumagamit ng serbisyo ng MRT-3, LRT-1 at LRT-2.

Ayon kay Transportation Secretary Vince Dizon, ang pangunahing layunin ng nasabing sistema ay gawing higit na mas mabilis at mas maginhawa ang pang-araw-araw na biyahe ng mga mag-aaral, upang matiyak na hindi maaapektuhan ang kanilang pagpasok.

Alinsunod sa kautusan ni Pangulong Ferdinand Marcos Jr., tiniyak ni Dizon na sa pagpapatupad ng programa ay hindi na kakailanganin ng mga estudyante na pumila nang matagal upang makuha at magamit ang kanilang discount sa pamasahe.

Ang personalized student beep cards ay idinisenyo upang nakapangalan mismo sa estudyante na may validity na hanggang isang taon, at maaring i-renew tuwing magsisimula ang panibagong school year.

Kaugnay nito, pinabilis din ng ahensya ang dating proseso na umaabot pa ng lima hanggang pitong araw na paghihintay, upang masiguro na matatanggap ng mga aplikante ang kanilang card sa pinakamabilis na paraan.

Ipinaliwanag pa ni Dizon na maaaring magtungo sa alinmang istasyon ng tren dala ang kanilang school ID at doon mismo sa ticket counter ay agad nang ipi-print at ibibigay ang kanilang beep card sa mismong araw ng pagpunta.

Hindi lamang mga mag-aaral ang makikinabang sa nasabing proyekto sapagkat magkakaroon din ng puting bersyon ng beep cards na eksklusibong ilalaan para sa mga senior citizen at sa mga persons with disabilities (PWDs), na may kaparehong awtomatikong 50% diskwento sa kanilang pamasahe.

Simula sa mismong araw ng opisyal na implementasyon, agad nang magagamit ang mga discounted beep cards sa lahat ng istasyon ng LRT-1, LRT-2 at MRT-3 na inaasahang magdudulot ng mas maayos na daloy ng mga pasahero.

Inaasahan ng DOTr na sa pamamagitan ng bagong sistemang ito ay makakakita ng pagtaas sa bilang ng mga estudyante, senior citizen, at PWDs na mas pipiliin at gagamit ng mass transit bilang kanilang pangunahing paraan ng transportasyon sa araw-araw.

Hinimok naman ni Dizon ang lahat ng kwalipikadong pasahero na huwag nang mag-atubiling mag-apply sa oras na magsimula ang programa sa Setyembre upang masulit at magamit agad ang benepisyo ng nasabing discount.

Ang hakbang na ito, ayon sa DOTr, ay bahagi ng mas malawak at mas komprehensibong plano ng pamahalaan na gawing mas efficient at higit na accessibp mo lolle para sa lahat ng mamamayan ang sistemang pampublikong transportasyon sa bansa.








# 93 Bacooreño, Tumanggap ng Puhunan para sa Kabuhayan sa Ilalim ng SLP

By MEDELIZA DANAO




Matagumpay na idinaos ng Pamahalaang Lungsod ng Bacoor, katuwang ang opisina nina Senator Allan Peter Cayetano at Senator Pia Cayetano, ang Seed Capital Fund sa ilalim ng Sustainable Livelihood Program (SLP) sa isinagawang awarding ceremony sa Revilla Hall.

Layunin ng programa na bigyang-puhunan ang mga benepisyaryo upang makapagsimula at mapalago ang kanilang kabuhayan, kasabay ng pagpapalago ng lokal na ekonomiya sa pamamagitan ng mga pangmatagalang proyekto.

Dumalo rin sa aktibidad sina Vice Mayor Rowena Bautista Mendiola, Councilor Udoy Brillantes, si Mr. Cotcot Añonuevo bilang representante ni Sen. Allan Peter Cayetano, at si Mr. Ernest Nacion bilang representante ni Sen. Pia Cayetano.

Umabot sa 93 Bacooreño ang tumanggap ng tulong pinansyal, kabilang ang mga miyembro ng SFI SLPA, Courtnay Queens Row West Pantawid SLPA, Persons with Disability (PWD), Nagkakaisang Pantawid ng Bacoor SLPA, at Molino 3 Pantawid SLPA.

Ang pondo para sa Seed Capital Fund ay mula sa suporta nina Sen. Allan Peter Cayetano at Sen. Pia Cayetano, kasama ang karagdagang tulong mula sa Pamahalaang Lungsod ng Bacoor at Department of Social Welfare and Development (DSWD).

Nagpahayag ng pasasalamat si Mayor Strike B. Revilla sa patuloy na pagtutulungan ng mga senador at partner agencies para maiangat ang kabuhayan ng mga mamamayan ng Bacoor.

# Sisterhood Agreement, Pinirmahan ng Baguio at Bacoor

By ANDREA BITANGCOR



Opisyal nang inanunsyo ang Sisterhood Agreement sa pagitan ng Lungsod ng Baguio at Bacoor sa pamamagitan ng Memorandum of Understanding (MOU), na pinirmahan nitong Agosto 12 sa lokal na pamahalaan ng Baguio.

Ilan sa dumalo sa pirmahan ang buong delegasyon ng mga pinuno ng bawat departamento at yunit sa Bacoor kasama sina Mayor Strike B. Revilla at City Administrator Atty. Aimee Torrefranca-Neri.



Saksi rin dito ang ilang delegado mula sa Baguio City na sina City Mayor Benjamin Magalong at Konsehal Yuri K. Weygan.

Maliban sa paglagda ng MOU, parte rin ng pagpupulong na ito ang benchmarking para sa mas maayos na serbisyong pampubliko para sa ikauunlad ng mga nasasakupang lungsod.

Matapos ang pirmahan, bumisita naman ang delegasyon mula sa lungsod ng Bacoor sa tanggapan ni Mayor Magalong, kung saan ginaanap ang palitan ng token of appreciation bilang umpisa ng mas matibay na ugnayan nito.

Kaugnay nito, nagpahayag naman ng pasasalamat si Mayor Revilla sa mainit na pagtanggap ng Baguio at inaasahan umano niya ang mga konkreto pang kasunduan sa hinaharap, para sa mas maayos na paglilingkod sa Bacooreños.

Layunin ng kasunduan na maging daan para sa mas maayos na palitan ng impormasyon, inobasyon, best practices sa pagitan ng dalawang lungsod, at pagtibayin ang relasyon ng Baguio at Bacoor para sa mga susunod pang kolaborasyong isasagawa.

Kasunod nito, ininspeksyon nina Mayor Strike ang Baguio Command Center sa loob ng Baguio Convention Center na layong ipakita ang Smart Initiative ng lungsod ng Baguio at mga kasamang serbisyong tutugon sa mga emergency situation.

Ipinakita sa delegasyong mula sa Bacoor ang paggamit ng teknolohiya at data analytics para sa mas maayos na serbisyong pampubliko.

Pangunahing tuon ng inspection tour ang Emergency 911 System, na pinagsama-sama ang City Disaster Risk Reduction and Management Office (CDRRMO), police, fire, emergency medical services (EMS), at mga rescue operation sa loob ng isang sentralisadong command center upang agarang makapagresponde sa mga emergency.

Ipinakita rin ang kagamitan para sa real-time city monitoring, AI-powered surveillance para sa pagtukoy ng anumang anomalya, flood early warning system, at sentralisadong koordinasyon ng mga serbisyong pang-emergency, para sa agarang responde sa mga insidente tungo sa kaligtasan ng publiko at kahandaan sa sakuna.

Nagsagawa rin ang Bacoor ng benchmarking activity sa Mario's Function Hall kasama ang City Treasury, Tourism at City Welfare and Development (CSWD) offices ng Pamahalaang Lungsod ng Baguio para sa patuloy na epektibo, mabilis, at tumutugong serbisyo ng local na pamahalaan para sa mga residente ng Bacoor.

# Pabahay Program, Pinagtibay ng DHSUD at Bacoor City Government

By ANDREA BITANGCOR

Nagsagawa ng pagpupulong ang Pamahalaang Lungsod ng Bacoor kasama ang Department of Human Settlements and Urban Development (DHSUD) nitong Agosto 11, upang talakayin at palakasin ang mga programang pabahay para sa mga Bacooreño.

Dumalo sa pagpupulong sina Mayor Strike B. Revilla, Housing and Urban Development and Resettlement Department (HUDRD) na pinangunahan ni Atty. Aimee Torrefranca-Neri, at DHSUD Secretary Engr. Jose Ramon Aliling.

Kasama rin sina Engr. Jicky Jutba mula sa City Engineering Office, Konsehal Karen Evaristo, Atty. Paul Sangalang, at iba pang kawani ng HUDRD.

Layunin ng pagpupulong na paigtingin ang koordinasyon para sa mga inisyatiba sa programang pabahay na magbibigay ng mas ligtas at maayos na tirahan para sa bawat pamilyang Bacooreño.

Kaugnay nito, ibinahagi rin ang ilang update hinggil sa kaslukuyang proyektong pabahay sa lungsod bilang hakbang para mapanatili ang seguridad ng mga pamilyang informal settler.

Kabilang sa mga tinalakay ang pinalawak na Pambansang Pabahay para sa Pilipino (4PH) Program, Integrated Disaster Shelter Assistance Program (IDSAP), pagtatayo ng mga staging area, mas isinaayos na Community Mortgage Program (CMP), at iba pang proyektong paupahan.

Binigyang-diin naman ni Secretary Aliling ang direktiba ni Pangulong Ferdinand Marcos Jr. hinggil sa relokasyon ng mga residenteng nasa high-risk areas—kabilang ang mga daluyan ng tubig na madaling bahain at mga lugar na mataas ang banta ng sunog—patungo sa mas ligtas at maayos na pabahay.

Muling tiniyak ng DSHUD at ng local na pamahalaan ng Bacoor ang mas mabilis na pagpapatayo ng mga pabahay, pagbibigay ng mas malawak na oportunidad para sa paupahan, at pagpapatupad ng mas maayos na 4PH program.

Sinigurado ng local na pamahalaan ang mas masusing koordinasyon kasama ng DSHUD at iba pang ahensya upang masolusyunan ang suliranin sa pabahay ng mga komunidad ng informal settlers sa Bacoor.



# Billions in the Current

By ANDREA BITANGCOR

From July to August, the Philippines endured relentless rains and successive typhoons. These weather disturbances brought not only widespread flooding but also repeated suspension of classes at all levels, disruptions to work, and the closure of certain government offices. In Cavite, the severity of the situation prompted the declaration of a State of Calamity. Local government units, particularly on Facebook, were quick to post updates on road conditions and traffic advisories across cities and municipalities.

While some roads remained passable, a significant number were rendered impassable, especially those used by light vehicles. Many residents and motorists found themselves stranded, while several families were forced to stay in evacuation centers, anxiously awaiting relief distributions and worrying about the homes they had left behind.

Videos circulating on social media revealed varying flood depths in Cavite from ankle- and knee-deep, to waist-deep, and in the lowest-lying areas, chest-deep or even higher. Flooding is no stranger to the province, yet what is alarming is the noticeable increase in water levels each passing year. If previous floods were already severe, this year's events have been worse both in magnitude and in impact. This raises a pressing question: Where are the much-touted flood control projects of the Department of Public Works and Highways (DPWH) and the local governments?

Year after year, the DPWH's budget for flood control continues to grow. For fiscal year 2025, it allocated ₱254.29 billion to its flood management program, which is 32.1% of its staggering ₱1.007 trillion total budget. The figure is astonishing in itself, but even more shocking is the admission by DPWH Secretary Manuel Bonoan during a Senate public works committee hearing in August last year: the country has no single integrated flood-control master plan.

With billions allocated annually—amounts that continue to rise alongside the floodwaters—residents are left to wade through submerged streets turned into lagoons, lakes, and rivers, while vehicles resemble submarines navigating a sunken city.

Despite the DPWH's announcements of completed flood mitigation projects, their benefits remain largely unfelt and unseen. The agency claims there are already thousands of such projects, with some 5,700 more ongoing from 2025 to 2026. But beyond the numbers lies a critical question: How well are these projects planned, executed, and maintained? Is the priority quantity or quality? And most importantly…are these billions truly safeguarding the public, or have they been swept away in the raging current of corruption, much like people's belongings are carried off by the floodwaters?

After the storm passes, what people need is not just a bag of rice, canned goods, or cash assistance. What they deserve is proof that every peso spent offers genuine protection and prevention—not just another opportunity for funds to be pocketed by those in power. It is true that the public must also do their part, especially in addressing clogged canals and waterways caused by improper waste disposal. But no amount of community effort can fix a broken system plagued by ghost projects and misappropriated funds.

No peso and no initiative from ordinary citizens can resolve the flood crisis if, alongside the rising waters, billions are sinking into the depths of a corrupt system and into the pockets of those entrusted to serve.

# Kawit LGU, Nanawagan para sa Accreditation at Re-accreditation ng mga CSO



By AMELEN VIDANES

Nanawagan ang Local Government Unit (LGU) ng Kawit, Cavite sa lahat ng Civil Society Organizations (CSOs) na magsumite na ng kanilang aplikasyon para sa accreditation at re-accreditation bilang paghahanda sa pagbuo ng mga Local Special Bodies (LSBs).

Kasama sa paanyayang ito ang mga bagong CSOs na nais maging accredited, pati na rin ang mga dati nang accredited organizations na kinakailangang sumailalim sa re-accreditation upang mapanatili ang kanilang estado at karapatang maging bahagi ng mga LSBs.

Bilang bahagi rin ng proseso, naganap ang isang CSO Conference nitong Agosto 13, 2025 sa munisipyo ng Kawit. Mahigpit na hinikayat ang pagdalo ng lahat ng accredited CSOs, tinalakay dito ang mga mahahalagang usapin ukol sa accreditation process, papel ng CSOs sa pamahalaan, at iba pang mga alituntunin.

Ang mga kinakailangang dokumento para sa aplikasyon ay maaaring isumite sa opisina ng Local Youth Development Officer sa Kawit Municipal Hall. Hanapin lamang si CSO Desk Officer Jeanette Linde. Ang deadline ng pagsusumite ay sa Agosto 20, 2025.

Ang hakbang na ito ay bahagi ng adbokasiya ng lokal na pamahalaan ng Kawit na isulong ang pamamahala na may partisipasyon ng lahat—sa pamamagitan ng aktibong pakikilahok ng mga organisasyon sa komunidad.

# Imus Youth Leaders' Summit, Ilulunsad sa Agosto 29


By MEDELIZA DANAO


Ihahatid ng Local Youth Development Office (LYDO) at City of Imus Council for the Protection of Children (CICPC) ang 7th Youth Leaders' Summit sa Agosto 29, 2025, mula 8:00 a.m. hanggang 5:00 p.m., sa Children and Youth Development Center ng Imus Pilot Elementary School.

Tatalakayin ng summit ang temang "Local Youth Actions for the SDGs and Beyond" upang palalimin ang kaalaman ng kabataang Imuseño sa Sustainable Development Goals (SDGs) at hikayatin silang magpatupad ng mga proyektong makakabuti sa komunidad.

Maghahain ang mga tagapag-organisa ng mga talakayan at aktibidad na magtuturo ng pangangalaga sa kalikasan, pagpapalakas ng partisipasyon sa pamayanan, at pagbibigay ng pantay na oportunidad para sa lahat ng kabataan.

Inaanyayahan ng LYDO at CICPC ang lahat ng interesadong kabataan na magparehistro online bago ang petsa ng pagtitipon.





PhilHealth Regional Office IV-A
ADVISORY
No. 2025- 0032

PhilHealth Your Partner in Health

BAGONG PILIPINAS

**Work Suspension in PhilHealth Offices on August 19 to 21 and 25, 2025**

Please be informed that PhilHealth Regional Office (PRO IVA) and its Local Health Insurance Offices (LHIOs) will be closed on the dates specified below in observance of the local and national holidays:

| Issuances | Date | Celebration | Concerned Offices |
|---|---|---|---|
| Republic Act Number 6741 | August 19, 2025 | **Quezon Day** (local holiday) | • PhilHealth Regional Office IVA<br>• LHIO Lucena<br>• LHIO Gumaca |
| Proclamation Number 987 s 2025 | August 20, 2025 | **Lucena Day** (local holiday) | • PhilHealth Regional Office IVA<br>• LHIO Lucena |
| Proclamation Number 727 s 2025 | August 21, 2025<br>August 25, 2025 | **Ninoy Aquino Day**<br>**National Heroes Day** (National Holidays) | All PhilHealth Offices in Quezon, Cavite and Laguna |

For information and guidance.

By the Authority of the
Acting Regional Vice President Edwin M. Oriña, MD:

ARTURO C. ARDIENTE
Division Chief IV, FOD

Date signed: 8.7.25






# DSWD at NCDA, Inilunsad ang Unified ID System para sa mga PWD

By ANDREA BITANGCOR




Inilunsad ng Department of Social Welfare and Development (DSWD), kasama ang National Council on Disability Affairs (NCDA) ang Unified ID System para sa mga persons with disabilities (PWD) nitong Agosto 12.

Ayon kay DSWD Assistant Secretary Irene Dumlao, ito ang kauna-unahan sa 35 pilot local government units na magbibigay ng mas maginhawa at mas episyenteng paraan ng beripikasyon para sa mga PWD.

"The DSWD is very pleased to announce that the rollout for the unified ID for persons with disabilities has commenced in San Miguel, Bulacan," ani Asst. Sec. Dumlao.

Magpapatuloy ngayong linggo ang ID rollout sa lungsod ng Pasay, Muntinlupa, at Santa Rosa, Laguna.

Pamamahalaan ng mga Local Government Units (LGUs), sa pamamagitan ng kani-kanilang Persons with Disability Affairs Offices, ang aplikasyon, beripikasyon, at pag-apruba para sa Unified ID, habang ang NCDA naman ang mangangasiwa sa centralized ID printing.

Tampok dito ang isang digital ID na maa-access sa mobile app o web portal, na may kasamang QR code na maaaring i-scan ng mga Negosyo para s amabilis na beripikasyon.

Para naman sa mga offline transactions, maaaring gumamit ang mga PWD ng physical RFID-enabled PVC cards bilang alternatibo sa digital ID.

Layunin ng Unified ID System na tuluyang maalis ang pekeng PWD ID cards at isulong ang inclusivity, alinsunod sa mga inisyatiba ng administrasyong Marcos upang suportahan ang kapakanan ng mga PWD, sa pamamagitan ng mga target na programa at polisiya.

Kabilang naman sa pilot areas ang Carmona, Cavite at ilan pang lungsod sa Cavite, Manila, at ilan pang parte sa Luzon.




# LTO Caravan sa GenTri, AVAIL NA!

Gaganapin ang LTO Caravan mula Agosto 26 hanggang 29, 2025 sa Vista Mall General Trias, Brgy. San Francisco.

Layunin ng aktibidad na maghatid ng mabilis at abot-kayang serbisyo sa mga motorista at aplikante, kabilang ang pagkuha ng student permit para sa mga bagong driver, pag-renew ng driver's license, at pag-renew ng rehistro ng motor, tricycle, private vehicle, at maliliit na truck.

Narito ang mga serbisyong hatid ng LTO Caravan:

A. Para sa Student Permit Applicants (1,000 slots)
   Libreng Theoretical Driving Course (2 araw)
   Libreng Theoretical Driving Course Certificate
   Medical Examination
   Pag-issue ng Student Permit

B. Pag-renew ng Driver's License (Hanggang 2 buwan bago mag-expire; hindi tinatanggap kung lampas 2 taon nang expired)
   Tulong sa Comprehensive Driver's Education Exam

C. Pag-renew ng Rehistro ng Sasakyan (80–100 Unit: motor, tricycle, private vehicle, at maliliit na truck)
   On-site Smoke Emission Testing
   On-site Third Party Liability Insurance




# Relief Distribution Drive, Handog sa Pamilya ng mga OFWs

By AMELEN VIDANES



Sa pamamagitan ng Public Employment Service Office (PESO), nagkaroon ng isang relief distribution drive para sa mga pamilya ng Overseas Filipino Workers (OFW) na naapektuhan ng matinding pagbaha kamakailan.

Pinangunahan ito ng Overseas Workers Welfare Administration (OWWA) Regional Welfare Office 4A, katuwang ang Pamahalaang Lungsod ng Bacoor sa pamumuno ni Mayor Strike B. Revilla at kinatawan ni Pangalawang Alkalde Rowena Bautista Mendiola.

Ginanap sa S.T.R.I.K.E. Gymnasium, sa Bacoor, Cavite namahagi ng bigas at relief packs sa mahigit 1,100 pamilya ng mga OFW. Upang matugunan ang mga problemang pangkalusugan na dulot ng nagdaang kalamidad, nagkaroon din ng libreng konsultasyong pang medikal.

Dumalo rin sa aktibidad sina Congresswoman Lani Mercado Revilla, SK President Palm Angel Buncio, Dr. Abraham De Castro—pinuno ng PESO, at isang kinatawan mula sa OWWA RWO 4A upang masiguro ang maayos na pamamahagi ng tulong.

Nagpahayag naman ng pasasalamat sina Pangalawang Alkalde Rowena Bautista Mendiola at Congresswoman Lani Mercado Revilla sa OWWA at sa lahat ng katuwang sa inisyatibong ito, at muling tiniyak ang pangakong pangalagaan ang kapakanan ng mga mamamayan ng Bacoor, lalo na ang mga OFW na patuloy na nagbibigay ng malaking ambag sa bayan.

**EXTRA JUDICIAL SETTLEMENT OF ESTATE OF THE DECEASED BENJAMIN FERNANDEZ DE VERA**

Notice is hereby given that the estate of the deceased **BENJAMIN FERNANDEZ DE VERA,** who died on January 8, 2025, at Our Lady of the Pillar Medical Center Tamsui Ave, Bayan Luma II, City of Imus, Cavite, without any last will, the said deceased, at the time of his death, left the following Properties to wit: (1) Parcel of land situated at Blk 17 Lot 45 Amaris Phase 2, City of Dasmariñas, Cavite, covered by TCT No. 057-2024044709 with an area of Seventy Five (75) sqm., more or less (2) A Certain Motor Vehicle with Certificate of Registration No. 4041581-0 and more particularly described as follows: Make: Toyota, Series: Vios 1.5 G CVT, Body Type: Sedan, Year Model: 2020, Engine No.: 2NRX529982, Chassis No.: PA1B23F32L6007284, Plate No.: NGB4007, Mv File No.: 1301-00001578150, was the subject of this Extra Judicial Settlement of Estate among the legal heirs of the said deceased in the said instrument, executed before Notary Public Atty. Marimar T. Nieto, under Doc. No. 454, Page No. 92, Book No. 9, Series of 2025

**PAHAYAGAN NG KABITENYO**
**AUGUST 11, 18 & 25, 2025**

ARMY NAVY BURGER + BURRITO